
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Balangkasin Mo!



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Balangkasin Mo!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sheree Ann B. Villadar

**Editor:** Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Rowena A. Malahay, Gloria C. Sabanal, Mark Fil L. Tagsip

**Tagaguhit:** Leo Rey L. Sanchez

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Winnie E. Batoon, Janette G. Veloso, Chona M. Calatrava, Analiza C. Almazan, Teresita E. Helgason, Ma. Cielo D. Estrada, Jesusa P. Ambrona, George N. Wong

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Mother Tongue-Based Multilingual Education

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Balangkasin Mo!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Mother Tongue-Based Multilingual Education 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Balangkasin Mo!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Mother Tongue-Based Multilingual Education 3 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Balangkasin Mo!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Kumusta? Maligayang pagdating sa Ikaapat na Markahan! Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Balangkasin Mo!

Subukin mo kung paano gumawa ng dalawang antas na balangkas. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

●nakagagawa ng dalawang antas ng balangkas para sa pag-uulat at kawili-wiling karanasan. (MT3C-Iva-i-2.7)

*Mga Tala para sa Guro*

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at magiging magaan ang mga nakalaang Gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay para matiyak na makamit ang layunin sa pagkatuto.

## Subukin

Basahin at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ano ang balangkas?
   A. lipon ng mga salita na nagpapahayag ng buong diwa
   B. pangungusap na naglalahad ng paksang diwa
   C. buod ng talata

2. Ano ang una mong isulat kung ikaw ay gumawa ng balangkas?
   A. pangunahing ideya
   B. ikalawang ideya
   C. pamagat

Para sa bilang 3-5, pag-aralan ang anyo ng isang balangkas sa ibaba at pilliin sa kahon kung anong bahagi ng balangkas ang makikita sa bawat bilang. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| A. pangunahing ideya | B. pamagat | C. mga detalye |

____________________

3.

I. ____________________________

4.

5. A. ____________________________
   B. ____________________________
   C. ____________________________

# Aralin 1 Balangkasin Mo!

Ang salita ay ginagamit natin sa araw-araw. Maging bata o matanda, may ngipin man o wala hindi tayo magkakaintindihan kung walang salita.

Bawat salita ay nagiging pangungusap na nagpapahayag ng buong diwa. Sa pangungusap makabubuo tayo ng talata at sa pamamagitan ng talata maaari tayong makagawa ng isang balangkas.

Alam mo ba kung ano ang balangkas? Ito ay tinatawag na **outline** sa wikang Ingles.

Handa ka na ba? Tara! Sabay nating alamin ang tungkol dito upang maibalangkas mo ang mga ulat at kawili-wiling karanasang iyong nababasa.

Opppsss.... bago tayo dumako sa bagong aralin, kailangan mo munang sagutin ang gawain sa ibaba at baka nakalimutan mo ang iyong natutuhan sa nakaraang modyul.

## *Balikan*

Alamin kung ano ang layunin ng manunulat sa mga sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Nobela ng isang batang babae na natututo ng paraan kung paano labanan ang pambubully ng kanyang kamag-aral.
2. Mensaheng isinulat ng pangulo ng Pilipinas na humihimok sa kabataan na mag-aral nang mabuti.

# *Tuklasin*

Basahin ang **clues** na nakasulat sa pahalang at pababa at kumpletuhin ang **crossword puzzle** o palaisipan. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa papel o sa kuwaderno.


| | | |
|---|---|---|
| pagkain | ehersisyo | pahinga |
| vitamins | minerals | tubig |

Pahalang

1. upang makaya ang mga bagay na dapat isagawa
2. kailangan upang pagpawisan
3. kailangang sapat ito

Pababa

4. pampalakas
5. para di tayo magkasakit



## Suriin

Basahin ang talata sa ibaba at sagutin ang kasunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Pag-aalaga sa Ating Katawan
ni: Sheree Ann B. Villadar




Mahalaga ang pag-aalaga sa ating katawan. Kailangan nito ang tamang pagkain upang makaya ang mga bagay na dapat isagawa. Bitamina para lumakas at minerals para hindi tayo magkasakit.

May iba pang mga bagay na kailangan ang ating katawan. Nangangailangan ito ng sapat na pahinga at tulog. Kailangang mag-ehersisyo upang pawisan at maging malusog. Dapat din nating isaalang-alang ang kalinisan nito.

Muli nating pasyalan ang talatang iyong nabasa. Nakilala mo ba kung saan ang **key word** o tanda na makatutulong sa pagtukoy na may kaugnayan sa mga ideya? Halika na at suriin natin.

- Sa unang talata, para sa iyo ano ang importanteng ideya? Bakit?
- Sa ikalawang talata, ano ang higit na nakakuha ng iyong atensyon? Bakit?

Pag-aralan ang dalawang antas ng balangkas sa ibaba tungkol sa iyong binasang talata.

Pag-aalaga sa Ating Katawan

I. Mahalaga ang pag-aalaga sa ating katawan

A. kailangan ang tamang pagkain

B. bitamina para lumakas

C. minerals para hindi tayo magkasakit

II. Iba pang kailangan ng katawan

A. sapat na pahinga at tulog

B. kailangang mag-ehersisyo

C. isaalang-alang ang kalinisan

Ano ang iyong napansin? Makikita mo na mula sa isang talata ay naging balangkas ito. Ano nga ba ang ibig sabihin ng balangkas? Ang balangkas ay ang buod ng isang talata. Pinaiikli nito ang mahahabang pangungusap sa pamamagitan ng pagkuha sa mga pangunahing aral ng talata.

Ngayon naman, ating pag-aralan ang mga bahagi ng isang dalawang antas na balangkas.

Pangunahing Ideya

Pamagat

Pag-aalaga sa ating Katawan

I. Mahalaga ang pag-aalaga sa ating katawan

D. kailangan ang tamang pagkain
E. bitamina para lumakas
F. minerals para hindi tayo magkasakit


Pangunahing Detalye

II. Iba pang kailangan ng katawan

Pangalawang Ideya

D. sapat na pahinga at tulog
E. kailangang mag-ehersisyo
F. isaalang-alang ang kalinisan

Pangalawang Detalye



## Tandaan

Ang **balangkas** ay ang buod ng isang talata. Ito rin ang tamang pagkaaayos ng mga salita. Kadalasan ginagamit ito sa pagsusulat ng mga akda at karaniwang makikita sa mga pahayag, teksto at mga kwentong binabasa.

- ✓ Ang pamagat para sa balangkas ay dapat gamitin sa ulat mismo.
- ✓ Gumamit ng **Roman numerals** I, II, III at iba pa, sa pangunahing ideya at pangalawang ideya.
- ✓ Gumamit din ng malalaking titik A, B, C, para sa mga karagdagang detalye.

## Pagyamanin

Gawain 1

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B upang maipakita ang tamang bahagi ng isang balangkas. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

**Hanay A**

1. ______________
2. I. __________________
3. A. _____________________
   B. _____________________
   C. _____________________
4. II. ___________________
5. A. _____________________
   B. _____________________
   C. _____________________

**Hanay B**

- ikalawang ideya
- pangunahing detalye
- pangunahing ideya
- ikalawang detalye
- pamagat

## Gawain 2

Basahin ang sumusunod na talata at kompletuhin ang kasunod na balangkas.

### Kahalagahan ng Edukasyon

ni: Sheree Ann B. Villadar

Ang edukasyon ay mahalaga sa bawat isa. Dito nakasalalay ang kinabukasan ng bawat tao at kung ano ang kanyang kahihinatnan dito sa mundo. Ito ang ating sandata upang magkaroon ng magandang buhay. Maraming paraan upang makamit natin ang isang mabuting hinaharap.

Ang paghahanda para sa ating kinabukasan ay mabisang paraan upang makasiguro tayo sa ating pamumuhay. Kailangan ang buong determinasyon, tiwala sa sarili at pananampalataya sa Diyos upang makamit ang tagumpay. Laging tandaan na tayo ang gumagawa ng ating sariling kapalaran. Tandaan na ang kahirapan ay hindi hadlang upang makamit ang magandang kinabukasan.

______________________________

I. Edukasyon, ________________________________
   A. ____________________________________________________
   B. sandata upang magkaroon ng magandang buhay.
   C. ____________________________________________________

II. Ang paghahanda ay ________________________________
   A. ____________________________________________________
   B. ____________________________________________________
   C. Kahirapan ay hindi hadlang sa magandang kinabukasan.

## *Isaisip*

Basahin at sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ito ay isang pangkalahatang plano ng isang material na siyang nagbubuo ng isangtalumpati o sulatin.
2. Dito nakasaad ang pinakapaksa ng seleksyon.
3. Ito ay gumamit ng bilang Romano tulad ng I, II at III.
4. Pumupunto sa malaking titik ng Alpabeto.

## *Isagawa*

### Gawain 1

Kumuha ng isang dyaryo at pumili ng balita tungkol sa mga pangyayari sa ating bansa. Gumawa ng isang balangkas na may dalawang antas mula sa ulat na iyong binasa. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

### Gawain 2

Gumawa ng sariling dalawang antas na balangkas tungkol tungkol sa pangyayari ngayon na nararanasan ng ating bansa maging sa buong mundo ang COVID-19 Pandemic, siguraduhing gamitin ang lahat ng bahagi ng isang balangkas.

__________________________

I. ____________________________________________

A. ________________________________________________

B. ________________________________________________

C. ________________________________________________

II. ____________________________________________

A. ________________________________________________

B. ________________________________________________

C. ________________________________________________

| Rubriks | |
|---|---|
| Puntos | Pamantayan |
| 5 | Naisulat sa lahat ng bahagi ng balangkas na may kompletong pangungusap. |
| 4 | Hindi naisulat ang isang bahagi ng balangkas at may isang salita ang hindi maliwanag sa pangungusap. |
| 3 | May dalawang bahagi ng balangkas ang hindi naisulat at may dalawang salita ang hindi maliwanag sa pangungusap. |
| 2 | May tatlong bahagi ng balangkas ang hindi naisulat at hindi masyadong malinaw ang pangungusap. |
| 1 | Isa lang ang naisulat sa bahagi ng balangkas at hindi maayos ang pangungusap. |




## Tayahin

Basahing mabuti ang seleksyon sa ibaba at gumawa ng dalawang antas na balangkas.

Ang Pag-iinit ng Mundo

ni: Sheree Ann B. Villadar



Ang pag-init ng mundo ay may kinalaman sa hindi magandang ginagawa ng karamihan sa mga tao. Pangunahing sanhi nito ay ang pagsunog ng mga basura, pagkakalbo ng kagubatan at di-maayos na pagsasaka. Nangyari ang lahat ng ito dahil sa kapabayaan at kalaspatangan ng ilan sa ating kababayan.

Kaya tayong mga taona sumira nito, kailangan nating isauli ito sa paraang alam natin at kayang gawin. Magtulungan tayong lahat sa pamamagitan ng paglilinis sa paligid, hindi pagsunog ng mga basura at itapon ito sa tamang lalagyan. Gawin nating lahat ng ating makakaya upang maisalba ang ating inang kalikasan. Hindi pa huli ang lahat. Pagtutulungan at disiplina ang solusyon sa ating problema.

______________________________

I. ______________________________________________________

A. ____________________________________________________

B. ____________________________________________________

C. ____________________________________________________

II. ______________________________________________________

A. ____________________________________________________

B. ____________________________________________________

C. ____________________________________________________

| Rubrics | |
|---|---|
| Puntos | Pamantayan |
| 5 | Naisulat sa lahat ng bahagi ng balangkas na may kompletong pangungusap. |
| 4 | Hindi naisulat sa isang bahagi ng balangkas at may isang salita ang hindi maliwanag sa pangungusap. |
| 3 | May dalawang bahagi ng balangkas ang hindi naisulat at may dalawang salita ang hindi maliwanag sa pangungusap. |
| 2 | May tatlong bahagi sa balangkas ang hindi naisulat at hindi masyadong malinaw ang pangungusap. |
| 1 | Isa lang ang naisulat sa bahagi ng balangkas at hindi maayos ang pangungusap. |
| 0 | Walang naisulat |

## *Karagdagang Gawain*

Kumuha ng isang malinis na papel at gumawa ng sariling dalawang antas na balangkas tungkol sa mga pwede nating gawin upang puksain ang COVID-19 **pandemic**.

| Rubrics | |
|---|---|
| Puntos | Pamantayan |
| 5 | Naisulat sa lahat ng bahagi ng balangkas na may kompletong pangungusap. |
| 4 | Hindi naisulat sa isang bahagi ng balangkas at may isang salita ang hindi maliwanag sa pangungusap. |
| 3 | May dalawang bahagi ng balangkas ang hindi naisulat at may dalawang salita ang hindi maliwanag sa pangungusap. |
| 2 | May tatlong bahagi sa balangkas ang hindi naisulat at hindi masyadong malinaw ang pangungusap. |
| 1 | Isa lang ang naisulat sa bahagi ng balangkas at hindi maayos ang pangungusap. |
| 0 | Walang naisulat |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. C
2. C
3. B
4. A
5. C

**Balikan**

Maaring magkaiba ang sagot, sumangguni sa iyong guro.

**Tuklasin**

Pahalang

1. pagkain
2. ehersisyo
3. pahinga

Pahaba

4. vitamins
5. minerals

**Suriin**

Maaring magkaiba ang sagot.

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. Pamagat
2. Pangunahing ideya
3. Pangunahing detalye
4. Ikalawang ideya
5. Ikalawang detalye

**Pagyamanin**

GAWAIN 2

I. ay mahalaga sa bawat isa.

A.Nakasalalay ang kinabukasan ng bawat tao.

C.Upang makamit ang mabuting hinaharap.

II. Paghahanda para sa ating kinabukasan ay mabisang paraanupang makasiguro tayo sa ating pamumuhay.

A.Kailangan ang buong determinasyon, tiwala sa sarili at pananampalataya.

B.Gumagawa ng sariling kapalaran.

**Isaisip**

1. Balangkas o Outline
2. Pamagat
3. Pangunahing ideya
4. Pangunahing detalye

**Isagawa**

Maaring magkaiba ang sagot, sumangguni sa iyong guro.

**Tayahin at Karagdagang Gawain**

Maaring magkaiba ang sagot, sumangguni sa iyong guro.

# *Sanggunian*

*Curriculum Guide sa MTB-MLE 3.*
*Latest MELC for MTB-MLE Grade III Q4.*
Bamba, Nelia D., et.al. MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3). 21 E Boni Serrano Ave., Quezon City, Book Media Press Inc.2014.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph